

# RentSafeTO:


## Programa ng mga Pamantayan para sa Gusaling Apartment

Tinitiyak na ang mga nangungupahan sa Toronto ay naninirahan sa ligtas, maayos na pinananatiling mga gusali

# MGA KINAKAILANGAN SA MAY-ARI/ TAGAPANGASIWA NG GUSALI

**Sa ilalim ng RentSafeTO, ang mga may-ari/operator ng gusali ay dapat:**

- irehistro ang kanilang mga gusali sa Lungsod, pagkatapos ay i-renew taun-taon
- subaybayan at tumugon sa mga kahilingan sa serbisyo ng nangungupahan
- regular na inspeksyunin ang mga common na lugar para sa kalinisan at mga peste
- may mga plano para sa pagpapanatili, basura, paglilinis at mga pagkaantala sa mga mahahalagang serbisyo tulad ng tubig, init at kuryente
- ipaalam sa mga nangungupahan ang mga pagkaantala sa serbisyo
- magsagawa ng mga regular na pagsusuri sa gusali
- sumunod sa lahat ng naaangkop na mga batas ng Lungsod




**Maaaring isagawa ang pagpapatupad kung hindi sumusunod ang mga may-ari at mga tagapangasiwa sa mga batas ng Lungsod.**

# ANO ANG GAGAWIN KUNG MAYROON KANG ISANG PROBLEMA SA YUNIT MO

Kung mayroon kang problema sa iyong yunit o sa isang common na lugar ng iyong gusali, kontakin muna ang may-ari/tagapangasiwa ng iyong gusali at magsumite ng isang kahilingan sa serbisyo. Magtabi ng isang kopya ng kahilingan sa serbisyo para sa iyong mga rekord.

Kung walang aksyon mula sa may-ari/tagapangasiwa ng iyong gusali sa loob ng isang makatwirang panahon o kung nagpapatuloy ang mga problema, **makipag-ugnayan sa 311 upang maghain ng kahilingan para sa serbisyo**. Siguraduhing itago ang iyong numero ng pagsasangguni. Batay sa mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan, uunahin ng 311 ang mga agarang kahilingan sa serbisyo at mag-iimbestiga ang isang Opisyal ng Pagpapatupad ng Batas.

**Maaari mong tingnan ang katayuan ng iyong hiling gamit ang numero ng pagsasangguni na ibinigay sa iyo ng 311 sa toronto.ca/311.**

# MGA KINAKAILANGANG ORAS NG PAGTUGON NG MAY-ARI/ TAGAPANGASIWA NG GUSALI

Ang mga may-ari/tagapangasiwa ng gusali ay dapat tumugon sa mga agarang kahilingan sa loob ng 24 oras at lahat ng iba pang mga kahilingan sa loob ng pitong araw. Apurahan ang mga kahilingan kung ang mga ito ay may kaugnayan sa pagkaputol ng mga mahahalagang serbisyo:

## Mga Agarang Kahilingan

Oras ng pagtugon: Sa loob ng 24 oras

- Walang tubig
- Walang init
- Walang kuryente
- Walang gasolina
- Paglabag sa seguridad ng gusali
- Niyebe at paglilinis ng yelo

## Iba Pang Mga Kahilingan

Oras ng pagtugon: Sa loob ng pitong araw

- Mga peste (mga ipis, mga daga)
- Mababang init
- Mga tagas
- Pinsala sa ari-arian, tulad ng sira o basag na mga bintana, sirang mga kabinet o nagbabalat na pintura
- Kalinisan sa mga common na lugar, tulad ng marumi o may mantsang mga ibabaw, graffiti
- Pagpapanatili ng ari-arian, tulad ng pagkakalat o pagpuputol ng damo
- Pamamahala ng basura

# MGA KARAGDAGANG SUPORTA PARA SA MGA NANGUNGUPAHAN

Para sa mga isyung hindi labas sa awtoridad ng **RentSafeTO**, mangyaring makipag-ugnayan sa naaangkop na suporta sa ibaba.

**Amag at mga Surot sa Kama**
Kalusugan ng Publiko ng Toronto
311

**Kodigo ng Sunog**
Mga Serbisyo sa Bumbero ng Toronto
Para sa mga emerhensiya, tumawag sa 911.
Para sa mga hindi pang-emerhensiya, tumawag sa 311

**Kodigo at mga Permit sa Pagtatayo**
Mga Gusali sa Toronto
311

**Mga Usaping Kriminal**
Serbisyo ng Pulisya ng Toronto
Para sa mga emerhensiya, makipag-ugnayan sa 911.
Para sa mga hindi pang-emerhensya, kontakin ang 416-808-2222

**Operasyon at Sertipikasyon ng Elevator**
Awtoridad sa mga Teknikal na Pamantayan at Kaligtasan
1-877-682-8772
tsasa.org

**Mga Isyu sa Elektrisidad**
Awtoridad sa Elektrikal na Kaligtasan
1-877-372-7233
esasafe.com

**Mga Problema sa Pag-upa o Pagtataas ng Upa na Higit sa Alituntunin**
Lupon ng Kasero at Nangungupahan
416-645-8080
tribunalsontario.ca/ltb


**Mga Tanong Ukol sa Batas sa mga Karapatan ng Nangungupahan at Residensiyal na Pag-upa**
Sentro ng Pagtataguyod para sa mga Tangungupahan ng Ontario [Advocacy Center for Tenants Ontario (ACTO)]
acto.ca/contact

O

**Legal na Tulong ng Ontario (Legal Aid Ontario)**
1-800-668-8258
legalaid.on.ca

# MGA ISKOR SA PAGTATAYO

Sinusuri ng Lunsod ang lahat ng mga gusali ng apartment na nakarehistro sa **RentSafeTO**. Sa panahon ng prosesong ito, iniinspeksyon at binibigyang-halaga ng mga kawani ang kondisyon ng mga common na lugar, mekanikal at sistema ng seguridad, paradahan at panlabas na bakuran. Sa pagitan ng mga pagsusuri, ang mga kumpirmadong paglabag batay sa mga kahilingan sa serbisyo, na natanggap sa pmamagitan ng 311, ay nagbabawas sa iskor na ito hanggang sa makamit ang pagsunod.




**I-scan ang QR code para mahanap ang mga iskor ng gusali at impormasyon tungkol sa mga paglabag**

TORONTO

toronto.ca/RentSafeTO

311